Australian Government

FACT SHEET

Western Sydney Airport

PANGKALAHATANG PANANAW SA WESTERN SYDNEY AIRPORT

Ang pangangailangan para sa Western Sydney Airport

Ang mga pangangailangan para sa mga paglipad sa eroplano sa rehiyon ng Sydney ay inaasahang dodoble sa loob ng susunod na 20 taon. Hindi makakayanang tugunan nang mag-isa ng Sydney (Kingsford Smith) Airport ang pangangailangan na ito.

Pagtayo ng Western Sydney Airport

Ang Pamahalaan ng Australia ay nangako nang hanggang $5.3 bilyon sa equity sa loob ng 10 taon upang maitayo ang Western Sydney Airport sa pamamagitan ng isang kompanya ng Commonwealth, ang WSA Co. Ang pagtayo ay kasalukuyang isinasagawa at naka-iskedyul itong magbukas sa 2026.

Mula sa unang araw, ito ay magiging paliparang magbibigay ng ganap at lubusang serbisyo na may kakayahang magsilbi sa mga pambansa at pang-internasyonal na pasahero pati na mga serbisyo sa pagpapadala ng mga kargamento. Magbubukas ang paliparan na may solong runway at mga pasilidad na makakasilbi sa 10 milyong pasahero.

Itatayo ang Western Sydney Airport sa mga yugto habang lumalaki ang pangangailangan. Inaasahang unang magsisilbi ang paliparan sa humigit-kumulang limang milyong pasahero bawat taon, na aabot sa 10 milyong pasahero sa bandang taong 2031. Idadagdag ang pangalawang runway kung kinakailangan.

Sa bandang taong 2063, ang paliparan ay inaasahang magsisilbi sa humigit-kumulang 82 milyong pasahero bawat taon.

Paghahatid ng proyekto

Itatayo at patatakbuhin ng WSA Co ang Western Sydney Airport. Ang Pamahalaan ay kikilos bilang regulator ng paliparan at magsisiguro na tumutugon ang proyekto sa lahat ng mga kinakailangang disenyo at mga hinihiling para sa kapaligiran. Mananatiling responsable ang Pamahalaan para sa disenyo ng daanan ng paglipad (flight path design), mga koneksiyon sa daan at tren at sa biyodiversidad.

WSA Co	Pamahalaan ng Australia
Disenyo ng Western Sydney Airport	Disenyo ng daanan ng paglipad at Forum on Western Sydney Airport (FOWSA)
Konstruksiyon sa lugar ng paliparan	Mga koneksiyon sa transportasyon
Negosyo sa paliparan	Mga panregulatoryong pag-aproba
Mga target sa pagbibigay ng trabaho	Biyodiversidad

Western Sydney Airport

Operasyon

Ang mabuting pagplano ay nagsiguro na ang lupa sa paligid ng ppaliparan ay naprotektahan mula pagsulong ng lungsod sa halos 30 taon. Ang distansiya mula sa dulo ng runway ng Western Sydney Airport hanggang sa isang naitayong suburban na komunidad ay higit sa 10 kilometro. Sa Sydney Airport, ang pinakamalapit na naitayong komunidad ay wala pang isang kilometro ang layo. Ang protektadong espasyo na ito ay magpapahintulot sa Western Sydney Airport na tumakbo nang walang curfew, na magsisiguro sa 24/7 na konektibidad, mas maraming trabaho at dagdag na pang-ekonomiyang benepisyo.

Pagkonekta sa Western Sydney Airport

Ang magagandang daan at mga koneksiyon sa tren ay magpapahintulot sa paliparan na makamit ang kanyang ganap na potensiyal. Ang mga pamahalaan ng Australia at NSW ay nagtatayo ng mga bago at upgraded na daan sa palibot ng paliparan sa ilalim ng $3.6 bilyon na Western Sydney Infrastructure Plan. Ang mga upgrade na ito ay kasalukuyang isinasagawa at tutulong upang mabawasan ang trapik sa paligid ng lugar ng paliparan.

Nangako rin ang mga pamahalaan ng pangmatagalang network ng tren upang suportahan ang Western Sydney. Kabilang dito ang North South Rail Link mula sa Schofields hanggang Macarthur. Ang unang yugto ng network na ito ay magkokonekta sa St Marys sa Western Sydney Airport, kasama na ang mga pangako ng dalawang pamahalaan na magiging handa na ang riles ng tren sa panahong magbubukas na ang paliparan sa 2026. Sa mga darating na buwan, isang usaping pang-negosyo ang magpa-finalize sa ruta at mga lokasyon ng istasyon para sa buong North South Rail Link.

Mga Trabaho

Ang Western Sydney Airport ay magiging pangunahing tagalikha ng trabaho kapwa sa panahon ng konstruksiyon nito at kapag pinapatakbo na ito. Ito ay magiging katalista para sa pamumuhunan at pagdami ng trabaho, na magbibigay ng pangmatagalang mga oportunidad sa trabaho.

Sa panahon ng kapwa konstruksiyon nito at sa pagpapatakbo nito, susuportahan ng Western Sydney Airport ang isang hanay ng mga trabaho sa sari-saring antas ng kakayahan at kuwalipikasyon, kabilang na ang mga hahawak ng bagahe, ground staff at mga inhinyero, pati na mga trabaho sa mga pansuportang industriya katulad ng seguridad, catering, retail, warehousing, pangangasiwa, komunikasyon, at IT.

Biyodiversidad

Ang Pamahalaan ng Australia ay namumuhunan ng $180 milyon sa mga aktibidad ng konserbasyon at biyodibersidad sa Western Sydney.

Kabilang dito ang pagprotekta sa 117-ektaryang sona sa konserbasyon ng kapaligiran sa kahabaan ng boundary ng paliparan sa katabi nitong Badgerys Creek.

Ang mga offset ng biyodibersidad ay isa sa higit sa 40 istriktong kondisyon na inilagay sa konstruksiyon at pagpapatakbo ng Western Sydney Airport.